

## **Gabay sa Pagbabakuna ng COVID-19 (필리핀어)**

### **<Araw bago ang Pagbakuna>**

#### **01. Suriin ang text message ng gabay sa Bakuna ng COVID-19**

- ⊙ Makatatanggap ng pagpapareserba ng bakuna sa COVID-19 sa pamamagitan ng text message, i-double check ang lokasyon at oras ng pagbabakuna.
- ⊙ Maaari itong masikip o matao, kaya suriin ang ruta ng trapiko upang makapunta sa lugar ng pagbabakuna sa pamamagitan ng pampublikong transportasyon.
- ⊙ Para sa araw ng pagbabakuna mangyaring maghanda ng mga damit na nagpapakita ng itaas na bahagi ng braso na mababakunahan.

### **<Araw ng Pagbabakuna>**

#### **02. Bago umalis ng bahay**

- ⊙ Suriin ang kondisyon ng katawan. kung mayroon kang lagnat ipagpaliban ang pagbabakuna.
- ⊙ Isuot ang inihandang damit at ang facemask, at pumunta upang mabakunahan.
- ⊙ Dumating nang 30 minuto bago ang oras ng reserbasyon.

#### **03. Pagdating sa lugar ng pagbabakunahan**

- ⊙ Pagdating sa lugar ng pagbabakunahan, ipakita ang iyong ID o mensaheng natanggap sa gabay sa bakuna at kumpirmahin ang iyong reserbasyon sa pagbabakuna.
- ⊙ Suriin ang temperatura ng iyong katawan at pumasok sa hintayan ng pagbabakuna.

#### **04. Punan ang Preliminary test sheet**

- ⊙ Sagutan ang lahat ng nasa preliminary test sheet.

#### **05. Pre-check up (doctor para sa konsultasyon)**

- ⊙ Kumunsulta sa doktor na para sa Pre-check up
- ⊙ Magtanong sa mga gustong malaman tungkol pagbabakuna sa COVID-19.

#### **06. Pagbabakuna**

- ⊙ Pumunta sa COVID-19 Vaccination room at magpabakuna.

#### **07. Maghintay sa silid ng pagmamasid**

- ⊙ Pagkatapos mabakunahan, maghintay sa silid ng pagmamasid nang 15 hanggang 30 minuto upang mapagmasid kung mayroong abnormal na reaksiyon.

## 08. Pag-uwi ng bahay

- ⊙ Pagkatapos maghintay sa silid ng pagmamasid, umuwi kaagad at magpahinga, huwag magpakahirap.
- ⊙ Markahan ang inaasahang petsa ng pangalawang pagbabakuna sa iyong kalendaryo.

## 09. Sa bahay

- ⊙ Pagkatapos ng mabakunahan, ang mga sumusunod na sintomas ay maaaring mangyari nang mas madalas, na kung saan ay isang reaksiyon na maaaring mangyari sa panahon ng proseso ng pagbuo ng immunity na ang karamihan ay mawawala sa loob ng 2 hanggang 3 araw.

Pangkalahatang mga sintomas at paggamot pagkatapos ng mabakunahan	Dibisyon	Parte ng nabakunahan	Buong katawan
	Sintomas	<ul style="list-style-type: none"><li>• Pananakit</li><li>• Pamamaga</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• Lagnat</li><li>• Pagkaig</li><li>• Pagod</li><li>• Panginginig</li><li>• Sakit ng ulo</li></ul>
	Paggamot	<ul style="list-style-type: none"><li>• Palamigin ang apektadong bahagi gamit ang malamig at malinis na tuwalya.</li><li>• Igalaw o ehersisyo ang iyong braso.</li><li>• Walang limitasyon sa pag-inom ng gamot sa lagnat o mga pangpawala ng sakit, ngunit inirerekomenda na uminom ng gamot na may acetaminophen na hindi aalisin ang pamamaga hangga't maaari.</li></ul>	<ul style="list-style-type: none"><li>• Uminom ng maraming likido at magpahinga</li><li>• Mag damit ng magaan</li></ul> <ul style="list-style-type: none"><li>• Paghahanda ng gamot sa lagnat at pananakit bago ang Pagbakuna</li></ul>

- ⊙ Sa karamihan ng mga kaso, ang mga sintomas ay napapabuti sa pamamagitan ng pag-inom ng gamot sa lagnat o mga pangpawala ng sakit, ngunit kung ang pamamaga, sakit, pamumula, atbp. sa lugar na nabakunahan ay magpapatuloy ng higit sa 2 araw, kumunsulta sa doktor.
- ⊙ Kung nakakaranas ka ng isang seryosong reaksiyong allergy (anaphylaxis, atbp.) Na sinamahan ng kahirapan sa paghinga, pagkawala ng kamalayan, o pamamaga ng mukha, mangyaring tumawag kaagad sa 119 o pumunta sa emergency room ng ospital pinaka malapit sa inyong lugar.

<Isinalin sa Danuri Helpline 1577-1366.>